FAQ sa Pagtatapos ng Pang-emerhensiyang Paglalaan ng CalFresh

Nai-update: 4/8/2022

1. **Ano ang mga Pang-emerhensiyang Paglalaan ng CalFresh?**
   Ang mga Pang-emerhensiyang Paglalaan ng CalFresh ay pansamantalang pagtaas sa mga regular na halaga ng benepisyo ng CalFresh. Sa panahon ng pandemyang COVID-19, pinahintulutan ng Kongreso ang mga Pang-emerhensiyang Paglalaan upang makatulong na matugunan ang mga pangangailangan sa pagkain. Nangangahulugan ito na mula noong Marso 2020, ang mga sambahayan ay nakatanggap ng pagtaas ng hindi bababa sa $95 sa mga benepisyo ng CalFresh bawat buwan.

2. **Bakit magtatapos na ang mga Pang-emerhensiyang Paglalaan ng CalFresh?**
   Ang mga Pang-emerhensiyang Paglalaan ng CalFresh ay magtatapos sa buwan ng Pebrero 2023. Ang Consolidated Appriations Act ng 2023 ang nagtapos sa pagpapalabas ng Pang-emerhensiyang Paglalaan ng CalFresh sa mga sambahayan bilang tugon sa pandemyang COVID-19.

3. **Paano ito makakaapekto sa aking mga benepisyo sa CalFresh?**
   Ang Pang-emerhensiyang Paglalaan ay huling ibibigay sa Marso 2023. Makakakuha ka ng mas kaunting CalFresh simula Abril 2023. Ang pagbawas sa mga benepisyo ay maaaring may malaking epekto sa ilang pamilya.

4. **Makakakuha pa ba ako ng mga benepisyo ng CalFresh pagkatapos matapos ang Pang-emerhensiyang Paglalaan ng CalFresh?** Patuloy mong makukuha ang iyong regular na mga benepisyo ng CalFresh hangga't mananatiling kwalipikado ka. Ang halaga ng iyong benepisyo ay batay sa iyong kalagayan, kabilang ang bilang ng tao, kita, at gastos ng iyong sambahayan.
   Upang matiyak nanakukuha mo lahat ng benepisyo ng CalFresh na karapat-dapat ka, siguraduhing alam ng county ang pinakabago mong impormasyon tulad ng:
   - Mga gastos sa pabahay
   - Mga medikal na gastusin (kung ikaw ay 60 pataas o may kapansanan)
   - Mga gastos sa mga sinusustentohan pangangalaga sa bata

   Upang i-update ang iyong impormasyon o kalagayan, maaari kang makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan (county) sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-877-847-3663 o upang bisitahin ang iyong lokal na tanggapan (county) nang personal, maaari mong gamitin ang aming mapa ng tagahanap ng tanggapan sa www.CalFreshFood.org.

5. **Maaari ba akong humiling ng paglilitis sa pagbabagong ito?**
   Ang pagbabagong ito ay dahil sa mga Pederal na regulasyon at hindi itinuturing na pagbawas sa iyong regular na halaga ng benepisyo ng CalFresh. Hindi maaaring ipag-utos ng hukom na magbigay ng mga Pang-emerhensiyang Paglalaan matapos itong itigil.

6. **Saan ako makakahanap ng karagdagang mapagkukunan ng pagkain sa aking komunidad?**
   Makakakuha ka ng libreng pagkain mula sa iyong lokal na food bank. Mayroong mga food bank sa buong California na nagbibigay ng libreng pagkain sa mga tao sa kanilang mga komunidad. Upang makipag-ugnayan sa isang food bank, mangyaring bisitahin ang https://www.cafoodbanks.org/find-food/.